

Ang ibinibigay ng FEMA sa iyo ay para lamang sa mga gastos sa sakuna; gamitin ito nang wasto at maayos

Release Date: Apr 5, 2021

Ang mga opisyal ng pagbawi ng sakuna ay pinapaalalahanan ang mga nakaligtas na may natanggap na pondo na galing sa FEMA na mahalagang gamitin ang pera para sa nararapat na layunin - mga gastos na nauugnay sa sakuna - at hindi para sa gastos sa sambahayan o iba pang gastusin.

Makakatulong ang FEMA sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang layunin ng iginawad na pera at listahan ng mga paraan para magamit ang pera.

Paano ko malalaman kung ano ang layunin na iyon?

Ang ilang mga halimbawa ay kasama ang mga sumusunod:

- Pag-aayos ng bahay (halimbawa: istruktura, tubig, septic at mga sistema ng dumi sa alkantarilya)
- Pagtulong para sa renta at / o deposito para sa renta
- Pagkumpuni o pagpapalit ng isang sasakyan na nasira ng baha
- Pangangalaga sa kalusugan o ngipin para sa hindi insured na pinsala na dulot ng kalamidad
- Pagkumpuni ng mga kagamitang pang-trabaho
- Mga kinakailangang kagamitang pang-edukasyon (halimbawa: mga computer, aklat, panustos)
- Paglipat at pag-iimbak ng mga gastos na nauugnay sa sakuna
- Pagtaas ng gastos sa pangangalaga sa bata

Ang mga tulong para sa sakuna ay hindi para sa regular na gastos sa pamumuhay.



FEMA

Page 1 of 2

Mahalagang basahin nang mabuti ang sulat ng pagpapasiya. Kung nagastos mo ang pagbabayad sa anumang bagay na iba sa layunin, maaari kang tanggihan ng tulong sa sakuna sa hinaharap. Sa ilang mga kaso, hihilingin ng FEMA na ibalik ang pera. Ang mga resibo para sa lahat ng gastos ay kinakailangan na itago ng tatlong taon dahil ang pagpopondo ng sakuna ay maaaring mapailalim sa pag-audit.

Bilang karagdagan, mahalagang siguraduhin ng mga aplikante na ang FEMA ay mayroon ng pinakabago mong impormasyon, kabilang ang mga address, numero ng telepono at mga bank account. Kung ang FEMA ay walang

tamang impormasyon sa pakikipag-ugnay, maaaring makaligtaan ang mga nakaligtas sa mga sulat o tawag sa telepono tungkol sa kanilang aplikasyon para sa tulong o katayuan sa pagbabayad.

Para sa anumang mga katanungan, tawagan ang FEMA Helpline, 800-621-3362. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 800-462-7585.

Para sa karagdagang impormasyon sa paksang ito:

- Bisitahin ang fema.gov/disaster/4586. Sundan ang FEMA Region 6 Twitter account sa twitter.com/FEMARegion6.
- Ang mga taong ang unang wika ay hindi Ingles ay maaaring makahanap ng mga pagsasalin ng dokumentong ito sa ibang mga wika sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na mabilis na link sa [FEMA.gov: Arabic](#) | [Chinese](#) | [English](#) | [Hindi](#) | [Japanese](#) | [Korean](#) | [Russian](#) | [Spanish](#) | [Tagalog](#) | [Urdu](#) | [Vietnamese](#).



FEMA

Page 2 of 2